

Matatagpuan ang teksto ng panukalang ito sa pahina 102 at sa website ng Kalihim ng Estado sa voterguide.sos.ca.gov.

- Inaatasan ang mga provider ng pangangalagang pangkalusugan na nakakatugon sa mga tinukoy na pamantayan sa paggastos ng 98% ng mga kita mula sa pederal na programa ng diskwento sa inireresetang gamot sa direktang pangangalaga ng pasyente.
- Nalapat lang sa mga provider ng pangangalagang pangkalusugan na: (1) gumastos ng higit sa \$100,000,000 sa anumang sampung taon sa anumang bagay maliban sa direktang pangangalaga sa pasyente; at (2) pinapatakibong pabahay para sa maramihang pamilya na iniulat na may hindi bababa sa 500 paglabag sa kalusugan at kaligtasan na mataas ang kalubhaan.
- Pinaparusahan ang hindi pagsunod sa mga paghihigpit sa paggasta sa pamamagitan ng

pagbawi ng mga lisensya sa pangangalagang pangkalusugan at status na eksemplasyon sa buwis.

- Permanenteng pinapahintulutan ang estado na makipagnegosasyon sa mga presyo ng gamot sa Medi-Cal na pambuong estado.

BUOD NG TANTIYA NG PAMBATASANG MANUNURI SA NETONG EPEKTO SA PANANALAPI NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Mas mataas na mga gastos ng estado, malamang sa milyon-milyong dolyar taon-taon, upang ipatupad ang mga bagong panuntunan sa mga partikular na entidad ng pangangalagang pangkalusugan. Ang mga apektadong entidad ay magbabayad ng mga bayarin upang masalo ang mga gastos na ito.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

PINAGMULAN

PAGSAKLAW NG GAMOT SA MEDI-CAL

Nagbabayad ang Medi-Cal para sa mga Inireresetang Gamot para sa mga Taong Mababa ang Kita. Ang Medi-Cal ay isang pederal-pang-estadong programa na nagbibigay ng saklaw sa kalusugan para sa mga taong mababa ang kita. Kasama sa saklaw na ito ang halaga ng mga inireresetang gamot.

Ang Medi-Cal ay may Bagong Pamamaraan sa Pagbabayad para sa mga Gamot. Bago ang 2019, binayaran ng Medi-Cal ang halaga ng mga inireresetang gamot sa iba't ibang paraan. Noong 2019, pinagtibay ng estado ang isang pagharap na tinatawag na “Medi-Cal Rx.” Malamang na nakakatipid ang Medi-Cal Rx ng pera ng estado dahil nagbabayad ang Medi-Cal para sa mga gamot sa mas may diskwentong presyo.

Ang Bagong Pagharap ay Wala sa Batas ng Estado. Ang Medi-Cal Rx ay hindi nakasaad sa batas ng estado, ngunit ito ang pamamaraan na ginagamit sa pagbabayad para sa mga gamot sa Medi-Cal.

PEDERAL NA PROGRAMANG DISKWENTO SA GAMOT

Ang Pederal na Programa ay Nagbibigay ng mga Diskwento sa mga Gamot sa Partikular na mga Tagapagbigay ng Pangangalagang Pangkalusugan. Sa ilalim ng isang pederal na programa, ang mga gumagawa ng gamot ay nagbibigay ng mga diskwento sa kanilang mga gamot sa mga ospital, klinika, at iba pang mga provider. Upang maging kwalipikado para sa mga diskwento na ito, kailangang matugunan ng mga tagapagbigay ng serbisyo ang ilang mga patakaran. Ang mga kwalipikadong tagapagbigay ng serbisyo ay mga pampubliko o pribadong nonprofit na nakatuon sa paglilingkod sa mga taong mababa ang kita. (Ang mga pampubliko at pribadong nonprofit na ito ay karaniwang hindi nagbabayad ng buwis sa kanilang kita.)

Ang mga Tagapagbigay ng Serbisyo ay may Posibilidad na Kumita mula sa mga Pederal na Diskwento. Ang mga tagapagbigay ng serbisyo ay may posibilidad na kumita mula sa mga pederal na diskwento. Ginagawa nila ito sa pamamagitan ng paniningil sa mga nagbabayad ng pangangalagang pangkalusugan (tulad ng

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

IPINAGPAPATULUY

mga pribadong planong pangkalusugan at mga programa ng pamahalaan) nang higit pa sa gastos sa pagbibigay ng mga gamot. Gayunpaman, sa pangkalahatan hindi kumikita ng netong kita ang mga tagapagbigay ng serbisyo sa mga gamot na ito sa Medi-Cal. Ito ay dahil ipinagbabawal ng batas ng estado ang mga tagapagbigay ng serbisyo na maningil sa Medi-Cal ng higit pa sa may diskwentong presyo ng gamot.

Ang mga Tagapagbigay ng Serbisyo ang Nagdedesisyon Kung Paano Gagastusin ang Kita.

Ayon sa pederal na pamahalaan, ang layunin ng pederal na programa ng diskwento sa gamot ay pahintulutan ang mga kwalipikadong tagapagbigay ng serbisyo na palawakin ang mga serbisyo at maglingkod sa mas maraming pasyenteng mababa ang kita. Magagawa ito ng mga tagapagbigay ng serbisyo sa pamamagitan ng paggastos ng kanilang netong kita sa mga serbisyo para sa mga pasyente. Gayunpaman, ang pederal at pang-estadong batas ay hindi direktang naglilimita sa kung paano ginagastos ng mga tagapagbigay ng serbisyo ang kanilang kita mula sa mga pederal na diskwento sa gamot.

PAGLILISENSYA NG ESTADO

Dapat na Lisensiyado ang mga Entidad ng Pangangalagang Pangkalusugan. Ang mga entidad ng pangangalagang pangkalusugan ay dapat na lisensiyado upang magbigay ng mga serbisyo sa estado. Ilang kagawaran ang naglilisensya sa mga entidad ng pangangalagang pangkalusugan, tulad ng Kagawaran ng Pinamamahalaang

Pangangalagang Pangkalusugan (para sa karamihan ng mga planong pangkalusugan) at Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan (para sa mga ospital, klinika, at iba pang mga uri ng pasilidad).

Ang mga Lisensiyadong Entidad ay Kailangang Sumunod sa Ilang mga Tuntunin. Ang mga lisensiyadong entidad ay kailangang sumunod sa mga partikular na tuntunin. Halimbawa, hindi sila maaaring makisali sa mga gawain na hindi propesyonal, hindi tapat, o nakakapinsala sa pampublikong kalusugan o kaligtasan. Ang isang entidad na lumalabag sa mga patakarang ito ay maaaring humarap sa mga parusa, kabilang ang pagkawala ng lisensya (na nangangahulugang hindi na maaaring magpatakbo bilang isang entidad ng pangangalagang pangkalusugan).

MUNGKAHI

Nililimitahan Kung Paano Ginagastos ng Ilang Entidad ang Kita Mula sa Mga Pederal na Diskwento. Ang Proposisyon 34 ay lumilikha ng mga bagong tuntunin tungkol sa kung paano gagastusin ng ilang mga entidad ng pangangalagang pangkalusugan ang kita mula sa pederal na programa ng diskwento sa gamot. Sa partikular, ang mga entidad ay kailangang gumastos ng hindi bababa sa 98 porsiyento ng kanilang netong kita na kinita sa California sa mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan na direktang ibinibigay sa mga pasyente (“direktang pangangalaga sa pasyente”). Gaya ng ipinapakita ng Figura 1, ang mga patakarang ito ay nailalapat

Pigura 1

Ang mga Kabawalan ay Nailalapat Lamang kung Natutugunan ang Apat na Kondisyon

Ang mga kabawalan ng Proposisyon 34 ay Nailalapat sa isang Entidad ng Pangangalagang Pangkalusugan kung ito ay:

- Lumalahok sa pederal na programa para sa diskuwento sa gamot.
- May (o minsang nagkaroon) ng lisensya sa California upang magpatakbo ng isang planong pangkalusugan, parmasya, o klinika, o nagkaroon ng ilang kontrata sa Medi-Cal o Medicare.
- May sampung taong panahon kung saan gumastos ito ng higit sa \$100 milyon sa mga layuning iba sa direktang pangangalaga sa pasyente.
- Nagmamay-ari at nagpatakbo (o dati nang nagmamay-ari at nagpatakbo) ng mga pangmaraming pamilya na yunit ng pabahay na may hindi bababa sa 500 paglabag na may antas ng kalubhaan na “mataas.”

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

IPINAGPAPATULUY

lamang sa mga entidad na nakakatugon sa ilang mga kondisyon (“mga apektadong entidad”).

Iniaatas na ang mga Apektadong Entidad ay Mag-ulat Taun-taon sa Estado. Ang Proposisyon 34 ay nag-aatas sa mga apektadong entidad na mag-ulat ng partikular na impormasyon sa estado bawat taon (taun-taon). Ang mga apektadong entidad ay kailangang mag-ulat kung magkano ang kita nila sa California at sa buong bansa mula sa pederal na programa ng diskwento sa gamot at kung paano nila ginastos ang kita na ito. Gagamitin ng estado ang impormasyong ito upang makatulong na matukoy ang pagsunod sa mga bagong patakaran. Pinapayagan ng proposisyon ang estado na maningil ng mga bayarin sa mga apektadong entidad upang masakop ang mga gastos sa pagpapatupad nito. Sa ilalim ng Proposisyon 34, ang mga apektadong entidad na hindi magsusumite ng napapanahon at tumpak na impormasyon ay masasangkot sa kilos na hindi propesyonal, hindi tapat, o nakakapinsala sa kalusugan o kaligtasan ng publiko.

Nagtatakda ng mga Parusa para sa Paglabag sa mga Tuntunin. Tulad ng ipinapakita sa Figura 2, ang Proposisyon 34 ay nagtatakda ng apat na parusa para sa paglabag sa mga bagong tuntunin. Ang lahat ng apat na parusa ay ipapataw kung ang mga apektadong entidad ay gagastos ng mas mababa sa 98 porsyento ng kanilang netong kita mula sa pederal na diskwento sa gamot sa direktang pangangalaga sa pasyente. Ang mga parusa ay ipapataw din kung ang mga

apektadong entidad ay masasangkot sa kilos na hindi propesyonal, hindi tapat, o nakakapinsala sa kalusugan o kaligtasan ng publiko.

Idinaragdag ang Pamamaraan ng Medi-Cal sa Pagbabayad para sa mga Gamot sa Batas ng Estado. Ang Proposisyon 34 ay nagdaragdag ng Medi-Cal Rx sa batas ng estado. Dahil ang Medi-Cal Rx ay kasalukuyang ipinatutupad na, hindi binabago ng panukala ang kasalukuyang paraan ng pagbabayad ng Medi-Cal para sa mga gamot.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

May Limitadong Epekto sa Pananalapi ng Buong Estado. Sa ilalim ng Proposisyon 34, malamang na kakaunti lamang ang mga entidad na nakakatugon sa mga kundisyon na inilarawan sa Figura 1. Gayunpaman, ang eksaktong bilang ng mga apektadong entidad ay hindi alam. Dahil kakaunti lamang ang mga entidad na maaapektuhan, ang epekto ng proposisyon sa pananalapi ng buong estado (na inilarawan sa ibaba) ay magiging limitado.

Pinapataas ang mga Gastos sa Pagpapatupad ng Estado, Binabayaran ng mga Bagong Bayarin. Ang Proposisyon 34 ay magpapataas ng mga gastos ng estado upang ipatupad ang mga bagong paghihigpit. Ang mga gastos na ito ay malamang na nasa milyun-milyong dolyar taun-taon. Sasagutin ng estado ang gastos na ito sa pamamagitan ng pagsingil ng mga bayarin sa mga apektadong entidad.

Figura 2

Ang Proposisyon 34 ay Nagtatatag ng Apat na Parusa

Para sa Sampung Taon:

- Ang entidad ay mawawalan ng katayuang hindi saklaw ng buwis sa California.
- Ang entidad ay mawawalan ng lisensya.
- Ang entidad ay hindi maaaring tumanggap ng mga kontrata o gawad mula sa pang-estado at lokal na pamahalaan.
- Ang mga pinuno ng entidad ay hindi maaaring maglingkod sa mga tungkulin ng pamumuno sa isang planong pangkalusugan, parmasya, o klinika ng California.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

IPINAGPAPATULUY

Maaaring Magkaroon ng Iba Pang mga Epekto sa Pananalapi. Ang Proposisyon 34 ay maaaring magkaroon ng iba pang hindi tiyak na epekto sa pananalapi, gaya ng:

- **Mga Matitipid Mula sa Nadagdagang Gastos sa Direktang Pangangalaga sa Pasyente.** Ang ilang apektadong entidad ay maaaring magdagdag ng gastos sa direktang pangangalaga sa pasyente upang sumunod sa Proposisyon 34. Kung ang pagtaas na ito ay nagreresulta sa mas maraming gastos para sa mga pasyente ng Medi-Cal, maaaring magkaroon ng matitipid ang estado. Ito ay nakasalalay sa kung anong mga serbisyong pangkalusugan ang ibinibigay.
- **Mga Gastos Mula sa Mas Kaunting Diskwento sa Pederal na Gamot.** Ang mga apektadong entidad ay kailangang magbayad ng mga bayarin at mag-ulat sa estado taun-taon. Ang ilang mga entidad ay maaaring magbago ng kanilang mga operasyon upang maiwasan ang mga kinakailangang ito. Halimbawa, maaari silang huminto sa paglahok sa pederal na programa ng diskwento. Kung nagreresulta ito sa mas kaunting pederal na diskwento sa programa ng Medi-Cal, magkakaroon ng mga gastos ang estado.

- **Mga Epekto sa Pananalapi mula sa Paglabag sa mga Tuntunin.** Kung ang isang apektadong entidad ay lalabag sa mga paghihigpit ng Proposisyon 34 o masasangkot sa masamang kilos, ito ay haharap sa mga parusa (tulad ng pagkawala ng tax-exempt status nito at mga lisensya sa pangangalagang pangkalusugan sa loob ng sampung taon). Ang mga parusang ito ay maaaring magpatigil ng negosyo. Maaari itong makaapekto sa kita ng buwis ng estado, paggastos ng estado sa Medi-Cal, o paggastos sa iba pang mga pang-estado at lokal na programa ng pamahalaan. Ang epekto sa pananalapi ay depende sa kung aling mga apektadong entidad ang mahaharap sa mga parusa.

Bitatahan ang sos.ca.gov/campaign-lobbying/cal-access-resources/measure-contributions/2024-ballot-measure-contribution-totals para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo para suportahan o kontrahin ang panukalang ito.

Bitatahin ang fppc.ca.gov/transparency/top-contributors.html para ma-access ang nangungunang 10 tagapag-ambag sa komite.